## Ano ang hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay isang malubhang impeksiyon sa atay na dulot ng virus ng hepatitis B. Ito ay maaaring banayad lang na sakit na tumatagal nang ilang linggo, o malubhang panghabambuhay na sakit.

1 sa 4 na taong may pangmatagalang hepatitis B ang nagkakaroon ng malubhang problema sa atay, pati na kanser, ngunit may maisasagawang paraan ng paggamot at pagsubaybay kung maaga itong matutuklasan.

## Paano kumakalat ang hepatitis B?

Ang hepatitis B ay kumakalat mula sa isang tao papunta sa iba kapag nadikit sa may impeksiyong dugo o likido sa katawan. Maaari itong maipasa mula sa:

- Isang buntis papunta sa sanggol sa panahon ng panganganak
- Pagkakadikit sa dugong galing sa isang taong may hepatitis B
- Paghiram ng personal na gamit gaya ng sipilyo, pang-ahit, panggupit ng kuko, o medikal na kagamitan (tulad ng glucose monitor) sa isang taong may hepatitis B
- Pakikipagtalik
- Paghihiraman ng karayom, hiringgilya, o kagamitan sa paghahanda ng gamot

## Ang hepatitis B ay HINDI kumakalat sa pamamagitan ng:

- Pagsasalo sa pagkain o paghihiraman ng kasangkapan sa pagkain
- Casual na pakikipag-ugnayan tulad ng pagyakap, paghalik, o paghawak ng kamay.
- Tubig o hangin

## Para sa iba pang impormasyon:

**Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit)**
www.cdc.gov/hepatitis/hbv/

HepBHub
doh.wa.gov/hepbhub

DOH 420-405 May 2022 Tagalog

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga kostumer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa civil.rights@doh.wa.gov.

Pinagmulan: Minnesota Department of Health, Hepatitis B



# Hepatitis B: Ang dapat malaman ng lahat

Washington State Department of Health




## Sino ang dapat magpasuri?

Ang tanging paraan para malaman kung may hepatitis B ka ay sa pamamagitan ng pagpapasuri.

- Dapat ay regular na sinusuri ang lahat ng buntis para sa hepatitis B. Kung may hepatitis B ang isang buntis, makakatulong ang pagpapabakuna sa tamang oras para maiwasan ang pagkalat ng virus sa sanggol.
- Mga nakatira kasama ng isang taong may hepatitis B.
- Mga taong may mas mataas na panganib sa hepatitis B, kasama na sa mga ito ang:
    - Mga taong ipinanganak sa mga lugar kung saan mas karaniwan ang hepatitis B o may mga magulang na ipinanganak sa mga nasabing lugar, gaya ng Africa o Asia
    - Mga taong nagtuturok ng gamot
    - Mga lalaking nakikipagtalik sa lalaki

## Sino ang dapat magpabakuna?

Inirerekomenda ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) ang bakuna sa hepatitis B para sa karamihan ng tao, kasama na ang:

- Lahat ng sanggol
- Lahat ng hindi nabakunahang bata at nasa hustong gulang na may edad na hanggang 59, anupaman ang mga salik na nagdudulot ng panganib
- Mga nasa hustong gulang na may edad na 60 pataas na may mga salik na nagdudulot ng panganib:
    - Mga taong nanganganib na mahawahan dahil sa ugnayang seksuwal
    - Mga taong nanganganib na mahawahan dahil sa pagkakadikit sa dugo na percutaneous o mucosal (pumapasok sa balat)
    - Mga taong bumibiyahe sa mga lugar na may katamtaman o mataas na antas ng impeksiyon ng hepatitis B
    - Mga taong may pangmatagalang sakit sa atay
    - Mga taong may impeksiyon ng HIV
    - Mga taong nakabilanggo
    - Lahat ng iba pang tao na naghahanap ng proteksiyon laban sa hepatitis B



**Tinatayang 296 milyong tao**
**ang namumuhay nang may hepatitis B sa buong mundo, ngunit marami ang hindi nakakaalam na sila ay may impeksiyon dahil wala silang nararamdaman o hindi sila mukhang maysakit.**



## Ligtas ba ang bakuna?

Ligtas at mabisa ang bakuna sa hepatitis B. Ginagamit ito sa U.S. mula pa noong 1982.

Mahigit sa isang bilyong dosis ng bakuna sa hepatitis B ang naibigay na sa buong mundo.

Ang mga pinakakaraniwang reaksiyon sa bakuna ay banayad hanggang sa katamtamang lagnat at pamamaga kung saan itinurok ang bakuna. Ang mga side effect na ito ay maaaring tumagal sa loob ng 1–2 araw.

## Saan ako makakakuha ng bakuna sa hepatitis B?

Kausapin ang iyong parmasya, provider ng pangangalagang pangkalusugan, o ang lokal na kagawaran ng kalusugan tungkol sa pagpapabakuna. Nag-aalok ang ilang klinika ng libre o murang bakuna sa hepatitis B.

Maaaring saklawin ng insurance sa kalusugan ang bakuna para sa lahat ng taong may edad na hanggang 59, at mga taong may edad na mahigit 60 na may mga salik na nagdudulot ng panganib.

Kung ikaw ay manganganak, maaaring makuha ng iyong sanggol ang bakuna sa hepatitis B sa ospital bago kayo umuwi. Ibinibigay ang bakuna sa mga bagong silang na sanggol nang walang bayad.